# KATANGIAN NG MGA TAUHAN SA KUWENTO

Magandang araw sa iyo!
Sa modyul na ito'y inaasahang maibibigay mo ang mga detalye at mga katangian ng tauhan sa kuwento.



## Pagbalik-aralan Mo

- **Basahin ang kuwento.**

**Batang Maaasahan**



Sabado ng umaga. Maagang lumabas si Roland para maglaro. Sa tarangkahan ay nabungaran niya ang isang matandang nakahandusay.

“Totoy, Totoy! Tulungan mo naman akong makatayo rito,” pagmamakaawa ng matanda kay Roland. Nilapitan ni Roland ang matanda at inalalayan niya ito. Nakita niyang dumurugo ang tuhod ng matanda.

"Inay! Inay!" ang palahaw ni Roland. Napatakbong lumabas ng bahay si Aling Ason at dinaluhan ang matanda.

"Naku, ipagpaumanhin ninyo at ako'y nadulas at napatama ang aking tuhod sa matutulis na bato," paliwanag ng matandang babae. Iniupo nila ang matanda at ipinatong ang dalawang paa nito sa mesitang nasa kanyang harapan.

## Pag-aralan Mo

- Ano ang ginawa ni Roland nang humingi ng tulong ang matandang nakahandusay?
- Ano ang nangyari sa matandang babae?
- Ano ang ginawa ni Aling Ason nang marinig ang palahaw ni Roland?

Ganito ba ang iyong mga sagot?

- Tinawag ni Roland ang kaniyang Nanay pagkatapos niyang lapitan at alalayan ang matanda.
- Ang matandang nadulas ay napatama ang tuhod sa matutulis na bato. Dumugo ang kaniyang mga tuhod.
- Napatakbong lumabas ng bahay si Aling Ason at dinaluhan ang matanda.

Magaling!

Balikan muli ang buong kuwento at bigyang-pansin ang mga ipinakitang asal ng bawat tauhan sa kuwento.

- Ibigay ang katangian ni Roland
- Ibigay ang katangian ni Aling Ason
- Ibigay ang katangian ng matandang babae

Isulat ang mga ito sa tsart. Sipiin ang tsart sa kuwadernong sagutan at punan ito.

| Tauhan | Katangian | Patunay na Pangyayari |
|---|---|---|
| 1. Roland | | |
| 2. Aling Ason | | |
| 3. Matandang Babae | | |



## Isaisip Mo

Ang katangian ng mga tauhan sa kuwento ay kabilang sa mahahalagang detalye na kinakailangang mabigyang-pansin ng isang mambabasa. Ito'y makatutulong sa pag-unawa sa nilalaman ng kuwento.

***Ngayong alam mo na kung papaano mo maibibigay ang katangian ng mga tauhan sa kuwento maaari mo nang sanayin ang iyong sarili sa susunod.***



## Pagsanayan Mo

**Basahin ang parabula.**

**Ang Alibughang Anak**
(Hinalaw mula sa Lucas 15:11-32)

Isang mayamang ama ang may dalawang anak. Ang bunsong anak ay nagsabi sa ama ng ganito, "Ama, ibigay mo na sa akin ang aking mana!"

Hinati ng ama ang kanyang kabuhayan at ibinigay ang kalahati sa bunsong anak. Wala siyang magawa sa matigas ang loob na anak.

Nang makuha ng bunso ang kanyang mana, naglayas siya at nagpunta sa malayong lugar. Doon ay ginasta nang walang habas sa rangya at luho ang kanyang mana. Nang maubos ang kanyang minana, nagkaroon ng taghirap sa pinuntahang lugar. Ang bunsong anak ay namasukan bilang tagapakain ng mga baboy. Naranasan ang lahat ng hirap. Kung minsan ang tirang pagkain ng baboy ang kinakain niya. Para siyang pulubi. Gusgusin ang damit at walang sapin sa paa.

Naalala niya na sa bahay ng kanyang ama masasarap ang kinakain ng mga alipin. Nagpasiya siya na bumalik sa kanyang ama. Humingi siya ng tawad. "Ako'y di na karapat-dapat bilang iyong anak. Ama, gawin mo na lang po ako bilang isa sa iyong mga alipin."

Subalit inutusan ng ama ang kanyang mga tagapamahala. "Kumuha ng magandang damit at bihisan ang aking anak. Lagyan ng singsing ang kanyang daliri. Suotan ng sandalyas ang kanyang mga paa. Katayin ang pinakamalusog na batang baka. Ipagdiwang natin ang pagdating ng aking anak!"

Nang dumating ang panganay na anak mula sa bukid nagtaka siya sa ginagawang paghahanda. Ang sabi niya sa kanyang ama, "Ako Ama ay hindi sumuway sa mga utos mo. Sa lahat ng pagkakataon pinagsilbihan kita. Kapag nagdiriwang ako at mga kaibigan ko kambing lang ang ipinakakatay mo. Ngayon na dumating ang anak na naging suwail sa iyo, nagwaldas ng iyong mga ipinamana ipinaghanda mo pa siya nang marangya."

Nagpaliwanag ang ama, "Ipinagdiriwang natin ang pagdating ng iyong kapatid dahil namatay na siya at muli pang nabuhay! Nawala na siya ngunit ngayo'y muling nagbalik! Nararapat lang na tayo ay magsaya at magdiwang!"

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

1. Ilan ang mga anak sa kuwento?
2. Sino sa mga anak ang humingi ng kanyang mana? Saan siya nagtungo?
3. Bumalik ba siya sa kanyang ama? Bakit?
4. Wasto kaya ang ginawang paghingi ng tawad ng bunso sa kanyang ama? Bakit?
5. Ano ang sabi ng panganay na kapatid?

Bigyang-pansin ang mga ipinakitang asal ng mga tauhan sa parabula. Isulat ito sa paraang talahanayan sa iyong kuwadernong sagutan.

| Tauhan | Katangian | Patunay na Pangyayari |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

Basahin ang talata.

> Nanalangin si David bago dumating ang takdang oras ng pagtutuos nila ng higanteng si Goliath. Iginayak niya ang mga batong makikinis at ang kanyang tirador. Ngayo'y handa na siyang humarap sa higante.

Anong katangian meron si David?

________________________________________

________________________________________

> Hinuli si Bartolome ng mga Romano. Kinuha ang lahat niyang kagamitan at sinaktan. Hindi man lang lumaban si Bartolome bagkus ay ipinanalangin niya pa ang mga ito.

Anong katangian ang ipinakita ng mga tauhan?

Bartolome ____________________

Mga Romano ____________________



## Subukin Mo

**A. Basahing mabuti ang mga seleksyon. Isulat sa iyong kuwadernong sagutan ang bawat katangian ng mga tauhan sa binasa.**

1. Naglaro sa sala si Maima kahapon. Iniligpit niya ang kanyang manika, inilagay niya sa kahon ang mga laruang pang kusina at ibinalik sa lalagyang malapit sa may hagdanan.

   Ano ang katangian ni Maima?

   ________________________________________

2. Si Pedro Penduko
Kumain ng tuyo
Di naliligo,
Iniwan ng kalaro.

Ano ang katangian ni Pedro Penduko?

___________________________________________

3. Hindi marunong biruin si Alma. Agad siyang umiiyak sa isang tukso lamang ng kanyang mga kaibigan.

Ano ang katangian ni Alma?

___________________________________________

4. Isang taas lang ng kamay ni Haring Butiki ay di na magkamayaw ang kanyang mga alipin. Takot silang maparusahan at ipatapon ng hari sa dagat-dagatang apoy.

Ano ang katangian ni Haring Butiki?


___________________________________________

5. Mahilig magbasa ang magpinsan na Milo at Ninoy. Madalas ay nasa silid-aklatan sila, dito nila ginagamit ang kanilang mga bakanteng oras. Sila ang pinupuntahan ng kanilang mga kaibigan upang makinig sa bago nilang kapanapanabik na karanasan.


Ano ang katangian ng magpinsan?

___________________________________________


**B. Bigyan ng katangian ang mga sumusunod na tauhan at bagay.**




1. ______________________



2. ______________________




3. ______________________




4. ______________________




5. ______________________



6. ______________________



7. ______________________




8. ______________________




9. ______________________



10. ______________________



**Tama ba ang iyong mga sagot? Kung ganon, binabati kita. Ngayong natapos mo na ang modyul na ito, maaari ka nang magpatuloy sa susunod mong modyul.**